



# QUARTER 2 WEEK 2


| LESSON EXEMPLAR IN EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO | |
|---|---|
| ***Baitang at Pangkat:*** | ***Guro:*** |
| ***Petsa:*** | ***Paaralan:*** |
| ***Week 2*** | |
| ***A. Pamantayang Pangnilalalman*** | Naipamamalas ang pagunawa sa kahalagahan ng pagiging sensitibo sa damdamin at pangangailangan ng iba, pagiging magalang sa kilos at pananalita at pagmamalasakit sa kapwa |
| ***B. Pamantayan sa Pagganap*** | Naisasagawa ang wasto at tapat na pakikitungo at pakikisalamuha sa kapwa |
| ***C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto*** | Nailalagay ang sarili sa kalagayan ng kapwa tulad ng antas ng kabuhayan, pinagmulan, pagkakaroon ng kapansanan |
| ***D. Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto (MELC)*** ***(Kung mayroon, isulat ang Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto o MELC)*** | Nakapagbabahagi ng sarili sa kalagayan ng kapwa tulad ng:<br>7.1. antas ng kabuhayan<br>7.2. pinagmulan<br>7.3. pagkakaroon ng kapansanan<br>EsP2P- IIc |
| ***E. Pagpapaganang Kasanayan (Kung mayron, Isulat ang pagpapaganang kasanayan))*** | |
| ***F. Pagpapayamang Kasanayan (Kung mayroon, Isulat ang pagpapayamang kasanayan)*** | |
| ***II. NILALAMAN*** | Pagmamahal sa kapwa / Pagdama at pag-unawa sa damdamin ng iba (Empathy) |
| ***III. KAGAMITAN PANTURO*** | MELC p.77 CG.p 26 |
| A. Mga Sanggunian | p.43-45 |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | p.97-104 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | |
| 3. Mga Pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | |

| | |
|---|---|
| | |
| B. Listahan ng mga Kagamitang Panturo para sa mga Gawain sa Pagpapaunlad at Pakikipagpalihan | |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. PANIMULA<br><br>***Alamin*** | Bawat tao ay may iba‟t ibang kalagayan sa buhay.  Paano mo sila pakikitunguhan? Matututuhan mo sa araling ito kung paano mo mailalagay ang sarili sa kalagayan ng iyong kapwa. |
| ***Subukin*** | Sagutin ang mga sumusunod na tanong<br><br>1.  Ano ang dapat mong gawin? Bakit?<br><br>2.  Ano ang dapat mong gawin? Bakit?<br><br>3.  Ano ang dapat mong gawin? Bakit?<br><br>4.  Ano ang dapat mong gawin? Bakit?<br><br>5.  Ano ang dapat mong gawin? Bakit? |

<table>
<tr>
<td>Balikan</td>
<td>Isulat ang tsek (/) kung tama ang pag-uugali na ikinikilos sa bawat pangungusap at ekis (X) naman kung hindi.  Sagutan ito sa inyong papel.<br><br>_____1. Magiliw kong kinakausap ang aming mga panauhin.<br>_____2. Kung may bago akong kakilala, iniiwan ko siya sa isang tabi.<br>_____3. Kung may bagong tao sa aming lugar, magiliw akong nakikipag-usap sa kanya na may pagiingat.<br>_____4. Tumatago ako sa likod ni nanay kapag mayroon siyang kausap na di ko kakilala.<br>_____5. Pinatutuloy ko sa aming bahay ang aming mga bisita.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagpapaunlad<br><br>Tuklasin<br><br><br><br>Suriin</td>
<td>Tingnan ang mga larawan. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng nasa larawan ano ang mararamdaman mo?<br><br><br><br>Ano-ano ang masasabi mo sa larawan.<br>May pagkakaiba ba sila sa iyo?<br>Ano ang iyong mararamdaman kung ikaw ang bata na nasa larawan?</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pakikipagpalihan<br>Pagyamanin</td>
<td>Gawain 1<br>Basahin ang kuwento<br><br>"Ang Batang Magiliw"<br>ni M.C. M. Caraan<br><br>Isang magiliw at masayahing bata si Carlo. Pagkagising pa lang niya sa umaga ay magiliw na niyang binabati ang kanyang pamilya pati na rin ang kanyang mga kapitbahay.<br><br></td>
</tr>
</table>



Minsan, habang siya ay naglalaro may dumaan na isang Ita. Nagtakbuhan ang kanyang mga kalaro papalapit dito at tinuksong pangit at galing sa bundok. Nilapitan sila ni Carlo at pinagsabihan.



Dumating naman ang kaibigan ni Carlo na si Lito, isang batang pilay. Agad inalalayan ni Lito ang kanyang kaibigan at inalok na sumali sa kanilang laro.



May pagkakataon din na binibigyan niya ng pagkain ang kapitbahay nila. Naaawa kasi siya rito dahil nakikita niyang wala itong makain.

Sagutin:


1. Anong ugali ang ipinakita ni Carlo sa kuwento?
2. Sa paanong paraan niya ipinakita ang pagiging magiliw niya sa iba? Ipaliwanag.
3. Tama ba ang ginawa ni Carlo?
4. Paano mo pinakikitunguhan ang ibang tao tulad ng nabanggit sa kuwento?

Gawain 2

Gumawa ng isang salitaan kung paano mo pakikitunguhan ang sumusunod. Pumili ng isa. Isulat ito sa loob ng kahon.

A. Batang katutubo na pumapasok sa inyong paaralan
B. Kaklase mo na may kapansanan

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Gawain 3<br><br>Iguhit ang masayang mukha ( ☺ ) kung ginagawa mo ang sinasabi sa pangungusap at malungkot na mukha( ☹ ) kung hindi. Isulat sa sagutang papel.<br><br>______ 1. Pinapahiraman ko ng lapis ang kaklase ko na walang lapis.<br><br>______ 2. Nakikipagtulakan ako sa pagpila kung oras ng reses.<br><br>______ 3. Sinisigawan ko ang mga guwardya sa aming paaralan.<br><br>______ 4. Tinutulungan ko ang aking guro sa paglilinis ng aming silid-aralan.<br><br>______ 5.Pinagtatawanan ko ang mga batang lansangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalapat</td>
<td>Tingnan ang larawan.<br><br><br><br>Umisip ng isa o dalawang paraan kung paano mo pakikitunguhan ang batang nangangailangan ng tulong.</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| *Paglalahat* | Ating Tandaan<br>Maipadadama natin ang ating pagmamahal sa kapwa kung mauunawaan natin ang kanilang damdamin. Dapat nating ilagay ang ating sarili sa kalagayan ng ating kapwa at igalang ang kanilang nararamdaman. |
| E. Pagtataya | Gumuhit sa inyong papel ng  kung ang isinasaad ng pag-uugali ay dapat gawin;  naman kung hindi.<br><br>1. Ibinabahagi ko ang baon kong tinapay sa aking kaklaseng walang baon.<br>2. Hindi ko tinatawanan ang kapitbahay naming bata na kalbo.<br>3. Hindi ako nakikipaglaro sa mga batang madudungis.<br>4. Kinakausap ko nang maayos ang sinumang katutubo na nasa paaralan.<br>5. Iniiwasan ko ang mga batang may iba't ibang kapansanan. |
| ***V. PAGNINILAY (Reflection on the type of Formative or Assessment Used for the Particular Lesson)*** | Kumpletuhin ang bawat pangungusap.<br><br>1. Ang natutuhan ko ngayon ay____________________________________<br>________________________________________________<br><br>2. Nalaman kong_________________________________________<br>3. Gusto ko pang malaman___________________________________ |